Pangalan:____________________________Pangkat: ___________________________
Petsa : _____________________________ Marka: ____________________________

**Kasanayan**: Naibibigay ang impormasyong hinihingi ng nakalarawang balangkas.
**Code :** F6EP-IIIa-i-8

| |
|---|
| Ang pagbabalangkas ay maayos na pagtatala ng mga pangunahin at pantulong na paksa sa isang akda. Maaaring gamitin sa balangkas ang anyong papaksa at anyong pangungusap. Ginagamit ang bilang Romano,malaking titik at bilang Arabic sa pagtala ng mga kaisipan sa balangkas ng akda. |

Panuto: Basahin mabuti ang teksto at ibigay ang hinihingi sa bawat tanong.

Gawain 2 Panuto: Basahin ang maikling talambuhay ni Marcelo H. Del Pilar. Ibigay ang mga impormasyon na hinihingi sa bawat tanong.

Marcelo H. Del Pilar

Si Marcelo H. Del Pilar ay isa sa mga dakilang bayani ng bansa. Isinilang siya sa Cupang,San Nicolas,Bulacan noong Agosto 30,1850. Noong 1869, natigil ang kanyang pag-aaral dahil sa nagkagalit sila ng kura ng simbahan ng San Miguel, Maynila. Ngunit nagpatuloy siya ng pag-aaral at nagtapos bilang abogado noong 1880.
Itinatag niya ang pahayagang “Diaryong Tagalog” noong 1882. Dito ay inilathala niya ang mga puna sa hindi mabuting gawain at pamamalakad ng pamahalaan. Bunga nito, pinaratangan siya ng mga Espanyol ng iba’t ibang kasalanan. Bilang paghihiganti ng mga prayle at upang maiwasan niya ang binabalak na pagpapatapon sa kanya.Napilitan siyang maglakbay sa Espanya noong 1888. Noong una’y maginhawa ang buhay niya sa Espanya ngunit nang lumaon ay naghirap,nagutom at nagkasakit siya. Binawian siya ng buhay noong ika-4 ng Hulyo 1896 sa Espanya.

Sagutin.

I. Kapanganakan

a.

b.

II. Pag-aaral

a.

b.

III. Pagtatrabaho

LIVEWORKSHEETS

a.

IV. Kamatayan

a.

b.

c.

d.

| | |
|---|---|
| 1869,natigil | August 30,1850 |
| Naghirap | Pagtatag ng Diaryong Tagalog |
| 1880 naging abogado | Cupang ,San Nicolas Bulacan |
| Nagutom | nagkasakit |
| Hulyo 4,1896-kamatayan | |

LIVEWORKSHEETS